

Maynila Pagkatapos ng Alas-Otso: Ang mga Establisimiyentong Pang-Aliw noong Panahon ng Hapon, 1942-1945

VIVIENNE S. MONTA

ABSTRACT

Isinasalaysay ng artikulong ito ang mga establisimiyentong pang-aliw partikular ang *red light district*, bar, *night club*, at kabaret sa Maynila na matatagpuan sa mga distrito ng Ermita, Malate, Sta. Ana, at Carriedo mula 1942 hanggang 1945. Gumamit ang may-akda ng historikal na pananaw at metodolohiya upang suriin kung paano naapektuhan ang mga nabanggit na establisimiyento nang pumasok ang mga Hapon tulad ng mga batas at panukala, pagtatalaga ng oras ng *curfew*, at pagkakaroon ng mga *air raid drill* at *practice blackout*. Pinag-aralan din

kung paano naapektuhan ng mga ito ang buhay ng mga tao tulad ng pagbibigay kabuhayan at libangan, abalang idinulot nito sa mga residente, at mga abuso at karahasan na nangyari sa mga nagtatrabaho rito.

KEYWORDS

Panahon ng Hapon, 1942-1945, *Red Light District*, Ermita, Malate, kabaret, *night club*

PANIMULA

Marami nang pag-aaral ang naisagawa sa politikal na aspekto ng panahon ng Hapon. May mga naisagawa rin patungkol sa kultural na buhay ng Pilipinas kung saan inilarawan at sinuri ang mga sining sa nabanggit na panahon. May iilan na ring nasulat patungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga ordinaryong tao sa gitna ng digmaang nagaganap kung saan nababanggit ang kanilang libangan. Gayumpaman, laging nakatuon ito sa mga kilalang uri ng paglilibang tulad ng sinehan, teatro, at konsiyerto. Bukod dito, nababanggit din ang paglaro ng isport, *board game*, tago-taguan, patintero, holen, at pagbabasa ng iba't ibang libro bilang pampalipas-oras ng mga ordinaryong tao sa nabanggit na panahon.¹

Ang mga establisimiyentong pang-alihw tulad ng *brothel*, *night club*, bar, at kabaret ay hindi masyadong napag-aaralan. Karagdagan pa, natatakpan din ito ng mga masalimuot na pangyayari sa Maynila noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Gayon din, mas laging napag-

uusapan ang mga kilalang libangan tulad ng mga nasabi sa unang talata. Maaari ding dahilan ang kaugnayan nito sa prostitusyon na isa sa mga nakalilimutang isyu sa kasaysayan.

Nilalayan ng artikulong ito na isalaysay at suriin ang mga establisimiyentong pang-aliw partikular ang *red light district*, *night club*, bar, at kabaret sa Maynila na nasa mga distrito ng Ermita, Malate, Sta. Ana, at Carriedo mula 1942 hanggang 1945. Upang makamit ito, sasagutin nito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Paano naapektuhan ang *Red Light District* at *night clubs* sa Ermita at Malate nang pumasok ang mga Hapon sa Maynila?
2. Paano nakatulong o nakasama ang *Red Light District* at *night clubs* sa buhay ng mga tao sa Maynila noong panahon ng Hapon?

LAGAY NG MAYNILA NOONG PANAHO NG HAPON

Mayroong labing-isang distrito ang Maynila noong panahon ng Espanyol. Ito ang Intramuros, Binondo, Sta. Cruz, San Jose, Quiapo, San Miguel, Sampaloc, Tondo, San Fernando Dilao, Ermita, at Malate.² Noong mga 1830, binuksan ang Pilipinas sa kalakarang pandaigdig na nagresulta sa pag-unlad ng iba't ibang lungsod tulad ng Maynila, Iloilo, at Cebu na naging sentro ng kalakaran. Nang masakop ng Amerika ang bansa matapos ang Digmaang Pilipino-Amerikano, nagkaroon ng mga

pagbabago sa Maynila. Isa na rito ang pagdagdag ng Santa Ana at Pandacan bilang isang bagong distrito.³ Nagpatupad din sila ng mga polisiya at programa upang maisaayos ang kalagayan ng lungsod at maging moderno ang mga impraestruktura, kalusugan at kalinisan, at edukasyon.⁴ Sa unang dekada sa ilalim ng bagong mananakop, maraming prominenteng residente ang lumipat sa Ermita, Malate, at Pasay.⁵

Nang masakop ng mga Hapon ang Pilipinas noong 1942, nagpatupad sila ng mga batas upang baguhin ang Maynila. Isa na rito ang paghati sa 12 distrito dahil sa pagtaas ng populasyon at para makasunod ang bansa sa sistema ng pangangasiwa ng lungsod sa Japan. Ang mga bagong distrito ay inagurahan noong ika-31 ng Oktubre 1942.

TALAAN 1. MGA DISTRITO NG MAYNILA NOONG PANAHOON NG HAPON

DISTRITO	DETALYE	DISTRITO	DETALYE
Bagumbayan	Port Area Intramuros Ermita Malate	San Juan	Dating San Juan Del Monte
Bagundiwa	Paco Pandacan Santa Ana	Caloocan	
Bagumpanahon	Sampaloc Santa Cruz Quiapo San Miguel	Mandaluyong	

TALAAN 1. MGA DISTRITO NG MAYNILA NOONG PANAHOON NG HAPON

DISTRITO	DETALYE	DISTRITO	DETALYE
Bagumbuhay	Tondo Binondo San Nicolas	Makati	Dating San Pedro Makati
Balintawak	Dating San Francisco del Monte, Galas, at La Loma	Pasay	
Diliman	Dating Diliman Proper, Cubao, at University Districts	Parañaque	

Hango sa: “Metropolitan Area of Manila Divided into 12 Districts,”
The Tribune, 28 Oktubre 1942.

Inilarawan ng talaan kung paano hinati ng administrasyon ang Maynila noong panahon ng Hapon. Makikita na ang Caloocan, Mandaluyong, Pasay, at Parañaque ay idinagdag na distrito samantalang pinagsama ang Port Area, Intramuros, Ermita, at Malate sa distrito na may pangalan na “Bagumbayan,” ang Paco, Pandacan, at Santa Ana sa “Bagundiwa,” Sampaloc, Santa Cruz, Quiapo, at San Miguel sa “Bagumpanahon,” Tondo, Binondo, at San Nicholas sa “Bagumbuhay.” Ang Balintawak naman ay ipinangalan sa dating San Francisco del Monte, Galas, at La Loma, at samantalang ang Diliman na dating Diliman Proper, Cubao, at University Districts.

MGA PATAKARAN NG KOLONYAL NA ADMINISTRASYON NG HAPON SA MGA ESTABLISIMIYENTONG PANG-ALIW SA MAYNILA

Bagaman hindi alinsunod sa mga turo ng Katolisismo, nagkaroon pa rin ng prostitusyon sa Maynila noong Panahon ng Espanyol. Ayon kay Ma. Luisa Camagay, naging problema ito sa lungsod noong ika-19 na siglo nang simulang lumaganap ang mga sakit na nakukuha sa pagtatalik tulad ng *syphilis*. Naging resulta nito ang pagtatalaga ng mga parusa laban sa prostitusyon upang maiwasan ang pagkalat ng mga sakit. Isa sa ipinatupad ang pang-aresto sa mga babaeng nagbebenta ng katawan at pagpapadala sa kanila sa mga probinsyang may kakaunting populasyon.⁶ Nagbigay rin ng atensyon ang mga Espanyol sa rehabilitasyon ng mga nabanggit na babae.⁷ Naging legal na lamang ang prostitusyon sa huling dekada ng pamumuno ng mga Espanyol sa Pilipinas kung saan nagpatupad ng batas upang mabigyan ng lisensya ang mga babaeng bayaran.⁸

Ang pagkakaroon ng kaparusahan sa prostitusyon sa nabanggit na panahon ay maaaring nagpapahiwatig na dumarami ang mga establisimiyento na nag-aalok ng mga serbisyong may kinalaman sa prostitusyon tulad ng *brothel*.

Nagkaroon ng malaking pagbabago ang Maynila matapos ang Digmaang Pilipino-Amerikano. Ang ginawang transpormasyon ay nagresulta sa pagkakaroon ng mga bagong libangan na nakabatay sa mga kagustuhan ng mananakop. Maraming plano ang ginawa para maisaayos ng kalagayan ng lungsod na naayon sa kolonyal na layunin

ng mga Amerikano.⁹ Nagbunga ng pagdami ng mga establisimiyentong pang-aliw tulad ng mga *saloon*, kabaret, at bar ang pagdagsa ng mga militar na tropang galing sa Estados Unidos.¹⁰ Isa sa naging resulta ay tila naging tagpuan ng mga lasing na Amerikanong sundalo ang mga lansangan ng Maynila partikular ang Escolta.¹¹ Pagkatapos ng ilang taon, nagkaroon ng migrasyon ng mga Hapon sa bansa, dahil sa kanilang murang paggawa na kailangan para sa pagpapatayo ng mga kalsada, tulay, at kampo militar. Gayumpaman, nagtayo rin sila ng mga *brothel* na naging pinakamasaganang hanapbuhay nila sa Maynila.¹² Sa katunayan, sa tatlumpu't limang *brothel* na pinapatakbo ng Hapon, tatlumpu't dalawa ang nasa Sampaloc, Maynila.¹³ Naging bunga nito ang pagkilala ni William Howard Taft, ang gobernador-heneral, sa kahalagahan ng mga nasabing establisimiyentong bilang “isang pangangailangan” para sa mga Amerikanong sundalo kaya noong 1901, ipinatupad ang pagtatayo ng isang *red light district* upang makontrol ang pagkalat ng mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik.¹⁴

Ito ay magpapatuloy hanggang sa pagpasok ng mga Hapon sa lungsod ngunit maraming pagbabago upang maiangkop ang mga establisimiyento sa kagustuhan ng isa pang bagong mananakop.

ANG EPEKTO NG PAGPASOK NG MGA HAPON SA MGA *RED LIGHT DISTRICT*, BAR, AT *NIGHT CLUB* SA MAYNILA

Noong Disyembre ng 1941, ang Maynila ay idineklara bilang “Open City” upang maiwasan ang matinding pinsala at payapang makapasok ang mga Hapon sa lungsod. Dahil

dito, hindi nasira ang mga gusali at tahanan. Nang dumating ang mga Hapon sa Maynila at tuluyang nilang nasakop ang Pilipinas matapos ang pagbagsak ng Bataan at Corregidor, hinikayat ng bagong gobyerno ang pagbubukas ng mga negosyo at establisimiyento upang mabalik sa normal na situwasyon at kaayusan ang lungsod. Subalit, nagkaroon ng mga pagbabago dahil may mga batas, panukala, at iba pang mga pangyayari sa Maynila.

Ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 95 ay patungkol sa pagmamahala ng mga sugalan at mga lugar pangaliwan. Ang ikalimang kabanata nito ay tutok mismo sa pagtitiyak sa mga aktibidad sa mga bar, *night club*, kabaret, *dancing school*, at *dance hall*.¹⁵ Karagdagan pa, binigyan ng kahulugan ang mga nasabing establisimiyento sa panukalang ito kung saan ang “bar” ay isang lugar o establisimiyento na ang pangunahing negosyo ay magbenta sa publiko o miyembro ng *club* o tao na nagpapatakbo ng bar, ng mga alak at inuming nakalalasing na gagamitin o iinum lamang sa loob ng lugar. Karagdagan pa, kinokonsidera din na bar ang mga tindahan, lugar, at establisimiyentong kung saan ang nabanggit na inumin basta sumusunod ito sa limitasyon sa oras ng operasyon.¹⁶ Tinatawag naman na “night club,” “cabaret,” “dancing school,” o “dance hall” ang mga bar na nagpapahintulot ng musika at pagsasayaw. Ngunit binigyan pa rin ito ng magkakaibang kahulugan.

Ang “night club” ay mga lugar o establisimiyento na nagbebenta ng pagkain o inumin kung saan maaring sumayaw ang mga kostumer samantalang ang “cabaret,” “dance hall,” o “dancing school” naman ay mga lugar o establisimiyento kung saan puwedeng sumayaw ang

publiko at kung saan mayroong mga nagtatrabaho bilang *hostess* at mananayaw. Ang mga trabaho sa nabanggit na establisimiyento rin ay binigyang depinisyon sa panukala.

Ang “professional hostess” ay kababaihan na nagbibigay-aliw sa mga kostumer sa kanilang lamesa o nakikipagsayaw, at ang mga babaeng sumasayaw naman ay tinatawag na “professional dancer” kung saan sila ay direktang binabayaran ng opereytor o ng taong kanyang sinasayawan. Ang nagmamay-ari, *manager*, *administrator*, o kahit na sinong namamahala sa mga nabanggit na establisimiyento ay kinokonsiderang “operator.”¹⁷

Sa ilalim din ng nasabing panukala, ang mga establisimiyento ay kailangang iluminado at may maayos na bentilasyon kung saan ay palagi dapat bukas ang mga bintana at walang madilim na sulok. Wala rin dapat pribadong kuwarto o hiwalay na kompartimiento maliban sa mga palikuran, bihisan, at kusina. Dapat ay mayroon din itong mga bakod tuwing gabi at walang direkta o di derektang komunikasyon sa kapitbahayan. Binanggit din na dapat ang mga babaeng magtatrabaho rito ay may labing-walong taong gulang pataas at may nakuha ng sertipiko mula sa *Provincial* o *City Health Officer* na siya ay walang nakahahawang sakit.¹⁸ Pinapayagan din ang mga babaeng may labing-anim hanggang labing-pitong taong gulang na magtatrabaho rito basta mayroong permiso ng kanilang magulang.

Nagkaroon din ng planong pagpapatayo ng “Red Light District” sa iba’t ibang parte ng Maynila na ikinonsulta sa alkalde na si Jorge B. Vargas. Gumawa rin ng komite na

binubuo nina Antonio C. Torres, ang hepe ng pulisya, at Dr. Mariano C. Icasiano, opisyal para sa kalusugan ng Maynila upang mapag-aralan nang husto ang plano.¹⁹ Nagkaroon din ng isang anunsiyo na nagsasabi na dalawang regular na “Red Light Zones” ang magbubukas sa Maynila ayon kay Dr. Icasiano. Ang mga sonang ito ay pinaplanong ipuwesto sa Taft Avenue Extension at P. Gomez sa Quiapo.²⁰ Sa pagsusuri, makikita ang pagdedesisyon na magkaroon ng bagong bahay-aliwan ay para sa “pangangailangan” ng militar. Ito ay maaaring ihalintulad sa panukala na ginawa ng mga Amerikano sa kanilang mga unang taon ng pananakop sa Pilipinas. Sa artikulo ni Motoe Terami-Wada, may isang kasulatan para kay Gobernador-Heneral Taft noong 1902 na nagsisiwalat na mayroong bahay ng prostitusyon sa bawat poste ng militar lalo na sa Maynila. Pinayagan ito sa pagtugon sa “pisikal na pangangailangan” ng militar. Bukod dito, ang mga Amerikanong doktor ay may katungkulang linggo-linggong suriin ang bawat babaeng miyembro ng mga establisimiyento.²¹ Maaari din itong ihambing sa situwasyon ng Indonesia kung saan lalong lumaganap ang komersyalisasyon ng prostitusyon sa pananakop ng mga Hapon. Ang mga kababaihan na nagbebenta ng katawan ay pinagsama-sama, at pagkatapos ng mga eksaminasyon sa kalusugan, ang ilan ay inilalaan sa mga bahay-alalayan upang maglingkod sa mga sundalong Hapon habang patuloy ang iba na nagtrabaho bilang babaeng bayaran sa ibang mga establisimiyento.²²

Matapos ang ilang buwan, nagkaroon ng *unanimous* o buong pagkakaisang na desisyon ang mga opisyal ng Maynila at ang hukbong Hapon sa Pilipinas na ilagay ang *Red Light District* sa isang lugar sa Sta. Ana na pinapaligiran

ng Kalye Tejeron sa hilagang-silangan, Kalye Mabuhay sa hilagang-kanluran, at dating sabungan sa may timog-silangan. Isinaalang-alang ng mga nagdesisyon na ang lugar na kalalagyan ng distrito ay dati nang residente ng mga bayarang babae. Isinaad sa pasiyang ito na ang mga *brothel* na itatayo sa distrito ay magkakaroon ng proteksyon ng kapulisan at sanitasyon.²³ Masusuri dito na ang pagkakaroon ng isang opisyal para sa kalusugan sa komite ay para sa pagkontrol ng mga *venereal disease*. Katulad ng mga Espanyol at Amerikano, makikitang magkatulad ng katuwiran sa pagpapatupad ng batas sa mga nabanggit na establisimiyento.

Ipinatupad ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 78 noong ika-8 ng Agosto 1944 kung saan ginawang ika-8 ng gabi ang pagsasara at ika-6 ng umaga naman ang pagbubukas ng lahat ng restawran kabilang na rin ang mga bar, hotel, *lodging house*, panciteria, carinderia, *refreshment parlor*, at iba pang mga establisimiyentong nagsisilbi ng pagkain sa publiko sa Maynila simula ng ika-10 ng nasabing buwan.²⁴ Nilimitahan din ng utos ang *serving* ng pagkain kung saan isang kumida na lamang kada tao. Ang paglabag sa kautusan ay magdudulot ng pagkansela ng lisensya at pagkulong sa mga operator o multa ng mahigit 5,000 piso.²⁵ Dito, makikita ang problema ng kakulangan sa pagkain sa lungsod na nakaapekto sa pamumuhay ng mga tao.

May panukala rin ukol sa eksaminasyong pangkalusugan sa mga nagtatrabaho sa *Red Light Districts*. Inulat noong ika-23 ng Oktubre 1942 na 40 bagong *hostess* ang sinuri at 75 na *waitress* ang kailangan ng *follow-up*

check-ups at periodical treatments. Ang aksiyon na ito ay para sa kanilang kampanya laban sa *venereal disease*.²⁶

Nagtakda ang Direktor ng Kalusugan ng isang pamantayang hakbang upang magkaroon ng isang unipormeng sistema sa pagsuri ng empleyado ng nabanggit na lugar at maging pantay ang basehan ng interpretasyon ng mga resulta ng pagsusuri.²⁷ Hinggil naman sa laboratoryong eksaminasyon, mayroong tiyak na probisyon na ginawa partikular sa pagsuri ng *sypphilis* para mahigpit na makontrol ang pagkalat ng sakit. Ang mga nagtatrabaho naman sa nasabing establisimiyento ay inabisuhang madalas magbago ng kanilang mga *medical certificate* hangga't kinakailangan.²⁸

MGA SITUWASYONG NAKAAPEKTO SA MGA ESTABLISIMIYENTONG PANG-ALIW

Blackout at Air Raid Drill

Ang isa pang aktibidad at pangyayari sa Maynila ay nakaapekto sa mga establisimiyento na gumagamit ng kuryente o sa gabi lamang nagbubukas o maraming parokyano sa mga blackout samantalang buong lungsod naman ang napipinsala kapag nagkakaroon ng air raid drills.

Simula ng ika-11 ng Marso 1944, nagkaroon ng air raid drill at practice blackout kada buwan sa lungsod. Nagresulta ito sa pananatili ng mga residente sa kanilang mga tahanan samantalang ang ibang may trabaho sa hapon ay

bumabalik sa kanilang opisina matapos ang pananghalian.²⁹ Marami ring mga establisimiyento kasama na ang mga *night club* ay nagsara nang maaga.³⁰ Muling inabisuhan na magsara at manatiling sarado ang mga establisimiyentong panglibangan noong ika-23 ng Setyembre 1944 upang maiwasan ang mga pinsala.³¹ Makalipas ng ilang araw, naglabas ng kautusan si Leon Guinto, ang gobernador militar ng lungsod, kung saan ang mga establisimiyentong panlibangan ay magbubukas lamang tuwing Linggo at pista opisyal hangga't nasa situwasyon ng emerhensya ang Maynila.³² Pagdating ng ika-31 ng Oktubre, naglabas muli ng anunsyo na magkakaroon ng partial *blackout* mula ika-6 ng gabi na magiging *full blackout* ng ika-11 ng gabi.³³

Pagtakda ng mga Oras ng *Curfew*

Ang *curfew* na ipinatupad noong panahon ng Hapon ay para sa seguridad ng mga mamamayan. Hindi lamang mga tao ang naapektuhan nito sapagkat naging limitado ang oras ng operasyon ng mga *night club*, bar, at kabaret sa Maynila. Nagkaroon ng mga babala ang *Metropolitan Constabulary* hinggil sa mga taong hindi susunod sa oras ng *curfew* na mula madaling-araw hanggang ika-6 ng umaga. Kabilang sa babalang ito ang paghingi ng pulisya ng kooperasyon mula sa mga may-ari ng mga restawran, *night club*, at hotel dahil ang kadalasang lumalabag ay ang mga naglalako sa gabi at mga parokyano ng mga nabanggit na establisimiyento.³⁴

Ngunit, may mga natatanging pagkakataon na nabibigyan na permiso ang mga *night club* na magbukas

ng mas mahabang oras. Noong ika-7 ng Setyembre 1943, pinayagang magbukas ang mga establisimiyentong pang-alihw hanggang ala-una ng umaga dahil sa okasyon ng pagpapatibay ng Konstitusyon ng Bagong Republika ng Pilipinas.³⁵ Pansalamantang tinanggal din ang *curfew* noong ika-13 hanggang ika-14 ng Oktubre 1943 upang bigyan ng daan ang pagdiriwang ng araw ng kasarinlan.³⁶

Nagsimula muli ang maagang *curfew* nang nagkaroon ng mga *blackout* at *air raid drill*. Dahil dito, naging mas maaga ang pagsasara ng mga kainan at tindahan. Ang dating ika-12 ng umaga hanggang ika-6 ng umaga na *curfew* ay naging ika-8 ng gabi hanggang ika-6 ng umaga. Simula noong ika-27 ng Setyembre 1944. Kabilang sa utos na ito ang pagsasara ng mga restawran, *cafeteria*, at iba pang mga establisimiyento ng ika-7 ng gabi upang makauwi ang mga tao bago ang simula ng *curfew*.³⁷

Paglimita sa Pagpasok ng mga Tao sa Maynila

Ang Ordinansa Blg. 29 ay ipinatupad ni Presidente Laurel para limitahan ang pag-pasok ng mga tao sa Maynila. Isinagawa ito para mas mapadali ang pagbabawas ng populasyon sa lungsod. Sa ilalim nito, ipinagbawal ang pagpunta ng mga taga-probinsya sa lungsod, maliban na lamang kung sila ay may *pass*, dahil sa nangyayari sa Maynila at upang mapanatili ang lakas-tao sa agrikultura at iba pang mahahalagang negosyo.³⁸ Ang *pass* ay ipinagkakaloob lamang sa mga lisensyadong mangangalakal at sa mga taong pumupunta sa lungsod para magpagamot, namatayan ng kapamilya, o kailangang dumalo sa korte o imbestigasyon.³⁹

Dahil sa ordinansang ito, naapektuhan ang mga negosyo sa Maynila bunga ng pagkaunti ng mga kostumer. Isa sa mga panukala ang pagsasara ng mga teatro at *showhouse* dahil sa lagi itong puno ng mga tao. Sa gayon, nawalan ng libangan ang mga residente pati na rin ng trabaho ang artista, direktor, miyembro ng orkestra, at iba pang mga taong naghahanapbuhay sa ganitong uri ng establisimiyento.⁴⁰ Malaki ang posibilidad na ganito rin ang nangyari sa mga *night club*, bar, at kabaret sa Maynila.

Ang kautusan ay binigyang konsiderasyon makalipas ang ilang araw. Nagkaroon ng desisyon ang mga awtoridad na buksan muli ang iba't ibang establisimiyentong pang-aliw sa pansamantalang panahon. Ngunit, dahil sa situwasyon ng giyera, binigyang diin ang *recreational function* ng mga pagtatanghal, sine, at iba pang uri ng libangan sa kondisyon na kaya nilang magbigay ng impormatibong libangan sa publiko.⁴¹

Pagpataw ng Buwis at Kagastuhang Ipasara

Bukod sa mga regulasyon, nagpatupad din ang gobyerno ng buwis sa mga negosyong libangan. Pagdating ng ika-30 ng Marso 1943, inilabas ni Tagapangulo Jorge B. Vargas ng Komisyong Ehekutibo ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 140 kung saan magpataw ng 20 porsyentong buwis sa mga kainan, inuman, at iba pang establisimiyentong pang-aliw. Naapektuhan ng batas na ito ang mga may-ari ng hotel, *lodging house*, restawran, *roof garden*, *night club*, bar, *grill*, pati na rin ang mga namamahala ng mga teatro, *cinematograph*, *concert hall*, sirkus, *boxing*

o *wrestling exhibition*, kabaret, karerahan, sabungan, at jai-alai.⁴² Matapos ang anunsiyong ito, nagkaroon ng isang pagpupulong noong ika-19 ng Abril sa Revenue Building sa Kalye Juan Luna kung saan imbitado ang mga maaapektuhan ng bagong buwis.⁴³ Dito, ipinaliwanag ni Direktor Bibiano Meer ng *Customs and Internal Revenue* na ang buwis ay hindi partikular na nakadirekta sa kanilang mga negosyo dahil ito ay *luxury tax* na hindi diretsahang pinapataw sa mga konsumer.⁴⁴ Itinaas din ang buwis ng mga alak nang inilabas ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 151. Hindi man patungkol sa mga lugar pang-aliw ang batas na ito ngunit masusuri din na naapektuhan nito ang mga establisimiyento na nag-aalok ng nasabing inumin. Katulad ng naunang buwis, masusuri at makikita rin na ang pagtataas nito ay hindi nakadirekta sa mga negosyong may kinalaman sa alak.

Nagkaroon din ng mga panandaliang regulasyon sa mga establisimiyentong pang-aliw. May isang artikulong lumabas noong ika-5 ng Agosto 1942 na sinasabi ang kautusan ng alkalde ng Maynila na ipagbawal ang pagsayaw sa mga “nightspots” sa lungsod kabilang na ang mga establisimiyento na may lisensya. Hindi binanggit ang rason sa likod ng desisyon ngunit ipinaalam sa mga may-ari na para sa ikabubuti nila ang probisyon. Ang mga pulis ay nakabantay sa bawat establisimiyento upang manigurado kung sinusunod ang utos.⁴⁵ Iniutos din ni Pangulong Laurel sa alkalde ng Maynila na tingnan ang posibilidad ng permanenteng pagsasara ng lahat ng establisimiyentong pang-aliw sa lungsod sapagkat naniniwala siya na wala naman itong kahalagahan dahil nagiging sentro lamang ng bisyo at mas nagpapalala ng problema sa pagkain.⁴⁶

MATAPOS ANG LABANAN SA MAYNILA NOONG 1945


Ang Labanan sa Maynila ay nangyari mula ika-3 ng Pebrero hanggang ika-3 ng Marso noong 1945.⁴⁷ Ito ay isa sa mga matinding labanan sa Pilipinas noong Ikalawang Digmaang Pangdaigdig. Nagresulta ito ng pagkapinsala ng mga establisimiyento sa lungsod at pagkamatay ng maraming tao.

Makalipas ang ilang araw, sinimulang ayusin muli ang lungsod upang maibalik sa normal na kaayusan. Binalita sa *Free Philippines* na ang *night life* sa Maynila ay unti-unting bumabalik. Ito ay dahil sa muling pagbubukas ng mga negosyo at establisimyentong kung saan ang mga tao ay maaaring sumayaw mula ala-una ng tanghali hanggang alas-diyes ng gabi. Ang nasabing limitadong oras ay dahil sa kakulangan sa kuryente.⁴⁸ Ngunit ang mga lugar na ito ay mahigpit na binabantayan dahil sa pagkamatay at insidenteng nangyari sa mga sundalong Amerikano dahil sa pagkalason sa alak.⁴⁹

EPEKTO NG MGA PATAKARAN NG MGA HAPON SA MGA ESTABLISIMIYENTONG PANG-ALIW AT PANGKABUHAYAN

Nakapagbigay ng trabaho ang mga *night club*, bar, at kabaret. Sa panahon na ito, maraming establisimiyento ang naghahanap ng mga *hostess* at *waitress*. Karagdagan pa, malaki rin ang naging tulong nito sa pagbibigay ng kita at kabuhayan sa mga may-ari ng mga ganitong establisimiyento sapagkat pinayagan silang magbukas kahit

na limitado ang oras ng operasyon. Ang mga ibinebentang produkto rin tulad ng alak at pagkain ang nakatulong sa mga *supplier* pati na rin sa mga naghahatid at kargador sa mga establisimiyentong pang-aliw.



Pigura 1 (taas-kaliwa). Mga *dancer* at *hostess* na maaaring mag-aplay sa Tokyo Saloon (dating Alcazar Club). (Mula sa *Tribune* ika-2 ng Pebrero 1942). Pigura 2 (taas-kanan). Mga establisimiyento sa Malate ay nangangailangan ng mga *Hostess*. (Mula sa *Tribune* ika-2 ng Abril 1942). Pigura 3 (baba). “Hoshigaoka” nagbibigay ng magandang bayad at libreng tirahan para sa makukuhang mga waitress. (Mula sa *Tribune* ika-19 ng Abril 1942).

Ang mga pigura sa itaas ay kuha mula sa Anunsyong Klasipikado ng diyaryong *The Tribune*. Makikita na may mga establisimiyentong nagbibigay ng magandang sahod at libreng tirahan. Sa ganitong paraan, nahihikayat ang mga babae na mag-aplay dito dahil isa itong malaking tulong lalo na't hindi madaling makabili ng pagkain at iba pang pangangailangan sa lungsod dahil sa pagtaas ng presyo, kakulangan ng suplay, at ang pahirapan na pagpasok ng mga produkto mula sa mga karatig lalawigan.

Nagbibigay-Libangan sa mga Manilenyo

Ang pagkakaroon ng establisimiyentong pang-alihw ay nakatulong sa mga taong nangangailangan ng pampalipas-oras. Sa isang buong pahinang artikulo, sinasabi na muling nabuhay ang *night life* sa Maynila. Inilalarawan din nito na ang “Bawat gabi ay parang gabi ng Sabado (Every night is like a Saturday Night)” kung saan maraming kalalakihan ang nasa mga bar at *night club*. Ang pangyayaring ito ay bunga ng muling pagbubukas ng mga nabanggit na establisimiyento, di implimentasyon ng mga *blackout*, pagbabago ng oras ng *curfew* ng ika-12 ng umaga hanggang ika-6 ng umaga na dating ika-9 ng gabi hanggang ika-6 ng umaga, at sa pagpayag na hanggang ika-9 ng gabi ang mga sinehan.⁵⁰ May mga bagong *night club* tulad ng Tabarin, Trocadero, Black Cat, Tsubaki Club, Bar Tatsumi, at Tom's Dixie na nagbukas sa panahon. Ang mga sikat na night club entertainers ay sina Zarah and Bebe, Bayani and Nieves, Baby Jane, Lou Salvador & His MerryMakers, Cesar & His 14-piece Orchestra, Carmen Toledo and Miss Sweetness.⁵¹ Tulad ng mga palabas sa entablado, ang *night*

clubs ay nagbibigay ng libangan sa isang populasyon na pagod, balisa, at takot sa digmaan.⁵²



Pigura 4 (taas-kaliwa). “Tabarin” ang pinakabago at pinakamagandang night spot sa Maynila. (Hango sa *Tribune* ika-12 ng Hulyo 1942). Pigura 5 (taas-kanan).

Inaanyayahang pumunta ang mga masayahing tao sa “Bar Tatsumi” na dating “Irene’s” na nasa A. Mabini, Ermita. (Mula sa *Tribune* ika-27 ng Agosto 1942).

Pigura 6 (baba). Iniimbita na ang mga taong may problema ay uminom na lang sa “Black Cat,” isang *beer garden* at restawran.(Mula sa *Tribune* ika-3 ng Oktubre 1942).

Ang mga pigura sa itaas ay ilan lamang sa mga advertisement sa *The Tribune* noong panahon ng Hapon. Dito makikita na sa kabila ng mga pangyayari sa lungsod at sa buong bansa, patuloy pa rin ang *night life* ng mga tao.

Kalusugan

Ang pagkakaroon ng sentralisadong *Red Light Zone* sa panahong ito ay para mas mapadali ang pamamahala ng kalusugan ng mga taong nagtatrabaho rito. Makikita natin na mayroon pa ring problema at takot sa paglaganap ng *syphilis* at iba pang mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik. Bukod dito, nakaapekto rin ang mga establisimiyentong ito sa kalusugan ng mga kostumer pagdating sa epekto ng alak at sigarilyo.

Moralidad, Gulo, at Krimen

Bagaman nakapagbibigay ng libangan ang mga *night club*, bar, at kabaret, may mga ibang residente sa lungsod ang hindi natutuwa sa ingay na dala nito tuwing gabi. Ang iba naman ay gustong tuluyang isara ang mga establisimiyentong nasabi dahil nagkakaroon ng mga imoral na gawain na hindi sang-ayon sa mga turo at pananaw ng Hapon ukol sa moralidad.

May mga reklamo sa diyaryo ang mga residente ng Maynila. Isang residente ang nagagambala sa gabi-gabing pag-uwi ng lasing na kapitbahay na gumagawa ng ingay sa paraang pagbubukas ng radyo, pagpapatugtug ng *phonograph*, o pagdadabog sa pader.⁵³ May mga indibidwal naman ang nagagambala sa imoralidad sa kalye ng Maynila partikular sa interseksyon ng A. Mabini at M.H. del Pilar kung saan maraming babae ang hindi nahihiyang ipinaparada ang kanilang mga katawan at ipinabubugaw at ipinagmamalaki ang kanilang kagandahan.⁵⁴ Nagkaroon din ng insidente sa loob ng mga establisimiyento. May

isang ulat tungkol sa limang lalakeng nagnakaw ng mga instrumentong pangmusika at mga produktong groseri sa isang *night club*.⁵⁵

KONGKLUSYON

Idineklarang “Open City” ang Maynila noong Disiyembre 1941 upang maiwasan ang matinding pinsala at mapayapang makapasok ang mga Hapon sa lungsod. Dahil dito, hindi nasira ang mga establisimiyento sa lungsod na isa sa naging sanhi sa pagpapatuloy ng *night life* sa nabanggit na panahon. Matapos masakop nang tuluyan ang Pilipinas ng mga Hapon sa pagbagsak ng Corregidor at Bataan noong 1942, maraming pagbabago ang nangyari hindi lamang sa politikal na aspekto ng bansa. Makalipas ang ilang araw, hinikayat ng bagong administrasyon ang pagbubukas ng mga negosyo at establisimiyento upang mabalik sa normal na situwasyon at kaayusan ang lungsod. Subalit, nagkaroon ng mga pagbabago dahil may mga batas, panukala, at iba pang mga pangyayari sa Maynila.

Maraming batas ay ipinatupad na nakadirekta lamang sa mga bahay-aliwan. Isa na rito ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 95 na isang regulasyon para sa mga sugalan at lugar pang-aliw. Nagkaroon din ng desisyon na magtayo ng “Red Light Zones” sa isang lugar sa Sta. Ana na pinapaligiran ng Kalye Tejeron sa hilagang-silangan, Kalye Mabuhay sa hilagang-kanluran, at dating sabungan sa may timog-silangan. Isinaalang-alang ng mga nagdesisyon ang lugar na kalalagyan ng distrito ay dati nang residente ng mga bayarang babae. Isinaad sa pasiyang ito na ang mga

brothel na itatayo sa distrito ay magkakaroon ng proteksyon ng kapulisan at sanitasyon.

Bukod dito, may mga buwis din na ipinataw ang gobyerno sa mga negosyong libangan. Ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 140 ay nagpataw ng 20 porsyentong buwis sa mga kainan, inuman, at iba pang establisimiyentong pang-aliw. Naapektuhan ng batas na ito ang mga mayari ng hotel, *lodging house*, restawran, *roof garden*, *night club*, bar, *grill*, pati na rin ang mga namamahala ng mga teatro, *cinematograph*, *concert hall*, sirko, *boxing* o *wrestling exhibition*, kabaret, karerahan, sabungan, at jai-alai. Itinaas din ang buwis ng mga alak nang inilabas ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 151. Hindi man patungkol sa mga lugar pang-aliw ang batas na ito ngunit masusuri din na naapektuhan nito ang mga establisimiyento na nag-aalok ng nasabing inumin.

May mga panandaliang regulasyon din sa mga establisimiyentong ito tulad ng pagbawal sa pagsasayaw at pagsasara ng mga ito. Ang panukala rin sa mga health examination ay nakaapekto sa mga nagtatrabaho rito dahil isa ito sa mga kailangan upang magkaroon ng lisensya. Ang isa pang aktibidad at pangyayari sa Maynila ay nakaapekto sa mga establisimiyento na gumagamit ng kuryente o sa gabi lamang nagbubukas o maraming parokyano sa mga *blackouts* samantalang buong lungsod naman ang napipinsala kapag nagkakaroon ng *air raid drills*. Ang *curfew* rin na ipinatupad noong panahon ng Hapon na para sa seguridad ay nakaapekto. Hindi lamang mga tao ang naapektuhan nito sapagkat naging limitado ang oras ng pagbubukas ng mga *night club*, bar, at kabaret sa Maynila. Ang Ordinansa

Blg. 29 na ipinatupad ni Presidente Laurel noong 1944 ay para limitahan ang pagpasok ng mga tao sa Maynila.

Ang pagpapatuloy ng mga establisimiyentong ito ay nakaapekto sa mga tao noong panahon ng Hapon. Nakapagbigay ng trabaho ang mga *night club*, bar, at kabaret dahil marami ang naghahanap ng mga *hostess* at *waitress*. Bukod dito, ang pagkakaroon ng establisimiyentong pangaliw ay nakatulong sa mga taong nangangailangan ng pampalipas-oras. Ang pagkakaroon naman ng sentralisadong *Red Light Zone* sa panahong ito ay para mas mapadali ang pagmamanman ng kalusugan ng mga taong nagtatrabaharito. Makikita natin na mayroon pa ring problema at takot sa paglaganap ng *syphilis* at iba pang mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik. Bagaman nakapagbibigay ng libangan ang mga *night club*, bar, at kabaret, may mga ibang residente sa lungsod ang hindi natutuwa sa ingay na dala nito tuwing gabi. Ang iba naman ay gustong tuluyang isara ang mga nasabing establisimiyentong dahil nagkakaroon ng mga imoral na gawain na hindi sang-ayon sa mga turo ng Hapon ukol sa moralidad.

NOTES

